# ADRIAN MEDINA PREGONIR

Si Adrian Medina Pregonir ay isang aktibista at manunulat sa Hiligaynon at Kinaray-a mula sa Southern Mindanao. Nagwagi ang kaniyang mga akda sa Gawad Rene O. Villanueva, Don Carlos Palanca Memorial Awards, Gawad Bienvenido Lumbera, Padya Dungug Kinaray-a, at Bantugan sa Panulatan Kinaray-a para sa tula at sanaysay. Nailimbag ang kaniyang mga akda sa iba't ibang antolohiya tulad ng *Liwayway*, T*umandok Hiligaynon, TLDTD: Biannual Journal of Filipino Poets, Dx Machina ng UP Likhaan*, *Ani, 17 Halin sa Iraya, Likhaan Journal 17,* at iba pa. Siya ay naging Fellow para sa tula sa Davao Writers Workshop, Palihang Rogelio Sicat, San Agustin Writers Workshop, at Amelia Lapena-Bonifacio Writers Workshop.

# PATER NOSTER

Saksi ako nga wala sing purgatoryo sa mga tion nga nagapangamuyo ako kag napapanawag sa mga balaan nga pangalan. Madamo sing ligwa kon nagapiyong ako kag sa akon hunahuna, may kon ano nga nagapanihol kon arumiraw nga dulom ukon kasanag bala ang akon dapat makita. Isa ka hapon, halin sa makahalalit nga dakbayan, dumuluhog ako sa Parokya sang Iloy sang sa Gihapon nga Panabang. Nagsindi ako sang kandila sa kandelabra kag pabelyon sang mga wala-sing-bungog nga mga santos nga ginsunog sang aso kag gindalasa sang mga pagbakho ng nagaluhod, nagasiniyagit, nagakapul-as. Ugaling wala man sila sing labot. Yara lang sila sa tiila sang ginlansang nga mesiyas. Nagatindug nga abri ang mga kamot nga bala daw sa amay nga nahanda maghakus sang anak nga maluib suno sa palaanggiran nga may kasahu nga magdawat sang mga makasasala. Nagpangamuyo ako nga kabay bag-o ako magtaliwan makit-an ko ang kasanag. Nagpiyong ako kag ginhunahuna ang kasanag. Naghimo ako sang kaugalingon nga langit samtang nagapiyong. Kag sang ako nagmuklat, sa atubangan ko, nagasiga lamang ang kandila. Wala sing langit samtang nagapamakho ako sa kalayo nga nagapatay-siga sa atubang sang mga santos nga bungol, indi kabalo magpamati. Ginapilit na lamang sang akon mga pangamuyo nga maghimo sila sing langit bag-o sa impiyerno nga akon madangtan.

# PATER NOSTER

Saksi ako na walang purgatoryo tuwing nananalangin at nananawagan sa mga banal na pangalan. Maraming puwang kapag pumikit ako at sa aking utak dumidikta kung liwanag o dilim ba ang dapat kong makita. Isang hapon, mula sa diyabolikong siyudad, dumiretso ako sa pambayang Parokya sang Iloy sang sa Gihapon nga Panabang. Nagsindi ako ng kandila sa kandelabra at pabelyon ng mga miron na santong sinunog ng usok at hinagupit ng mga panalanging naninikluhod, umaatungal, nangangatal. Ngunit wala naman silang imik. Naroon lang sila sa paanan ng nakapakong mesiyas. Tumatayo at nakabukas ang palad na tila isang ama na handang yakapin ang alibughang anak ayon sa bulaang parabula ng mga mahilig tumanggap ng pagkakasala. Nanalangin akong nawa bago ako mamatay makita ko ang liwanag. Pumikit ako at inisip ang buong liwanag. Lumikha ako ng sariling langit habang nakapikit. At nang ako ay dumilat, sa harap ko, lumalagablab lang ang kandila. Walang langit habang nananampalataya ako sa apoy na kumukurap-kurap, sa harap ng mga santong pipi na hindi marunong makinig. Kinukumbinsi lang ng aking mga panalangin na lumikha sila ng langit bago ang impiyerno na aking masasapit.